# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 79*

***"30 At kung ang kanan mong kamay ay nakapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo, at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mapasa impierno. 31 Sinabi rin naman, Ang sinomang lalake na ihiwalay na ang kaniyang asawa, ay bigyan niya siya ng kasulatan ng paghihiwalay:32 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya: at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya." (Mateo 5:30-32 KJV)***

***"30 At kung ang kanan mong kamay ay nakapagpapatisod sa iyo, ay putulin mo, at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mapasa impierno." (Mateo 5:30 KJV)*** Ang kapaliwanagan ng kamay ay kapareho sa kapaliwanagan ng mata sa ***Mateo 5:29, "29 At kung ang kanan mong mata ay nakapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo, at iyong itapon: sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mabulid sa impierno." (Mateo 5:29 KJV)*** Ang mata ay gumagawa ng pangangalunya sa puso habang ang kamay ang gumagawa ng pangangalunya sa pisikal na katawan. Paano ito nangyari? Kapag hinakawan ng mga lalaki ang mga bahagi ng katawan ng babae na hindi nila asawa, ito ay pangangalunya din. * Ang utos dito, sa mga lalaki ay huwag hawakan ang sinumang babae maliban sa iyong asawa at sa mga babae ay huwag hayaang ang sinumang lalaki na hawakan ka maliban na siya ay iyong asawa, o huwag hawakan ang katawan ng sinumang lalaki na hindi mo asawa. Ngayon sa kapaliwanagang ito tungkol sa kung paanong ang mga mata at kamay ay magdudulot sa iyo ng pangangalunya sa gayon mauunawaan natin na ang katipang lalaki, katipang babae, pagtatagpo at panunuyo ay isang gawain ng pangangalunya sa harap ng Dios. Ang mensaheng ito ni Jesus sa pagsasabi ng dalawang beses, ***"sapagka't may mapapakinabang ka pa na mawala ang isa sa mga sangkap ng iyong katawan, at huwag ang buong katawan mo ay mabulid sa impierno"***, ay isang matibay na hakbang upang pigilan ang tao na gumawa ng pangangalunya sa makasalanang mga gawain ng pagpapahintulot sa pisikal na mental at emosyonal na pagpapalagayang loob sa pagitan ng lalaki at babae sa labas ng buhay mag asawa, Kaya dito ang mataas na antas ng disiplina at pag agwat ay napaka kinakailangan upang maiwasan ang kasalanan ng pangangalunya.

Bakit natatanging hinarap ni Jesus ang gayong kasalanan ng imoralidad? Ipinaliwanag sa atin ni Pablo sa kanyang isinulat ang panganib ng gayong kasalanan gaya ng kanyang isinulat, ***"15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko nga baga ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari. 16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman. 17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya. 18 Magsitakas kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan. 19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; 20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." (1 Corinto 6:15-20 KJV)*** Sa talata 15 ito ay malinaw na ipinahayag na ang mga bahagi ng ating katawan ay sangkap ng katawan ni Cristo. Batay doon hindi ipinahintulot na kunin ang mga sangkap ng katawan ni Cristo at gawin ang mga ito na bahagi ng patutot. Ipinagbabawal ng Dios ang gayong bagay na maganap. Sa talata 16 kailangan mong malaman na ang sinuman na nakipagkaisa sa patutot, ang pagbibigay kahulugan sa isang patutot ay isang tao na hindi niya asawa, sa gayon ay magiging isang katawan sa patutot. ***"sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman."*** * Sa gayong kalagayan ang bahagi ng kanyang katawan na nakipagkaisa sa patutot ay magiging bahagi ni Satanas at nanganghulugang niyon ang mga demonyo ay malilipat sa kanya at sa iba pang sangkap ng katawan ni Cristo na sumang ayon at sumangsang ayon tungkol sa naturang kasalanan. Batay doon, sa talata 18, ang kasalanan ng sekswal na imoralidad, ito man ay pakikiapid o pangangalunya ay nagkakasala laban sa ating sariling katawan at pinapayuhan tayo na huwag yumaon at ipahintulot ang pakikiapid at pangangalunya dahil ayon sa talata 19 kay Cristo tayo ay magiging templo ng Dios at ang Banal na Espiritu ay nabubuhay sa atin, at hindi natin makukuha ang mga bahagi ng ating katawan at makipagkaisa sa kanila sa mga patutot dahil ayon sa talata 20 binili tayo ni Jesus ng halaga at iyon ang Kanyang sariling dugo, at kaya huwag nating pagtaksilan si Cristo at gawin ang gayong kasamaan laban sa Kanya.

Pagmasdan ang mga sumusunod:

- Ang pakikiapid ay sekswal na imoralidad sa mga hindi mag asawa.
- Ang pangangalunya ay sekswal na imoralidad sa mga may asawa
- Ang Homosekswalidad ay sekswal na imoralidad sa parehong kasarian. Kaya Samakatuwid Kung si Cristo ay maglilingkod sa panahong ito kasama ang kasalukuyang lipunan, hindi niya sasabihin sa sinumang lalaki na hawakan ang isang lalaki o tumingin sa isang lalaki, o walang babae na humipo sa babae o tumingin sa babae upang ipagbawal ang homosekswalidad

Ipinaliwanag pa ni Jesus sa atin sa isa pang paraan na ang kasalanan ng pangangalunya at pakikiapid ay naganap, at ang paraan upang iwasan ang gayong kasalanan.

***"31 Sinabi rin naman, Ang sinomang lalake na ihiwalay na ang kaniyang asawa, ay bigyan niya siya ng kasulatan ng paghihiwalay:" (Mateo 5:31 KJV)*** Nagkaroon sila ng kaugalian na kapag naganap ang paghihiwalay ay ibibigay ng lalaki sa asawa ang kasulatan ng paghihiwalay. Dito ay hindi sinabi ni Jesus sa talata 31 ***"Narinig ninyo na sinabi nila noong unang panahon"*** gaya ng sinabi Niya kagaya ng sinabi Niya sa ***Mateo 5:27 "Narinig ninyong sinabi, Huwag kang mangangalunya."***; sapagkat sinabi ni Jesus sa talata 31 ay hindi paunang salita sa mga salitang ito, ***"Narinig ninyong sinabi"***; dahil sa kaso ng paghihiwalay walang anumang batas ni Moises, o ng Dios ayon kay Jesus; kundi pinahintulot lamang, dahil sa katigasan ng mga puso ng mga Judio: Ipinahintulot ito ni Moises sa kanila dahil sa katigasan ng puso gaya ng binasa natin sa Mateo nang tinanong Niya sila tungkol sa paghihiwalay, ***"3 At nagsilapit sa kaniya ang mga Fariseo, na siya'y tinutukso nila, at kanilang sinasabi, Naaayon baga sa kautusan na ihiwalay ng isang lalake ang kaniyang asawa sa bawa't kadahilanan? 4 At siya'y sumagot at sinabi, Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang niya na lalake at babae, 5 At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman? 6 Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao. 7 Sinabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae? 8 Sinabi niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon." (Mateo 19:3-8 KJV)*** Maging sa panahon ni Jesus ang bagay ng paghihiwalay at muling pag aasawa ay isang mainit na usapin at marami ang mga pagtatalo sa ginawa ng mga Fariseo kay Jesus upang sumang ayon Siya at pahintulutan ito. Sa pagsasalita tungkol sa kasulatan ng paghihiwalay at dito binanggit ito ni Jesus sa kanila dahil iniisip nila na ito ay nagmula kay Moises at sa Dios, ngunit dito pinawalang bisa Niya ang pahayag na iyon, at sinabi Niya sa kanila na may pagpapawalang bisa na kung ginagawa nila ito kung gayon sila ay nagkakasala at nagiging sanhi ng pangangalunya na maganap.

Ayon sa ***Mateo 5:32, "32 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya: at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya."*** Ang tanong ngayon: Bakit sa araw ng paghihiwalay ng pangangalunya ay magaganap? Kapag nalaman at nabasa natin ang kanilang isinusulat sa pagsulat ng pagkikipaghiwalay sa asawa na kanilang hihiwalayan malalaman natin kung bakit. Basahin natin ang kanilang isinusulat:

"Sa gayong araw ng linggo, sa gayong buwan, ng gayong taon, sa gayong lugar; Ako, ang isang iyon, ang anak ng gayong isa, ng gayong lugar; sa aking sariling kalooban, nang walang anumang dahas, isinasantabi ko, tinatanggal, at hinihiwalayan ka. Sinasabi ko, na tulad ng isang tao, ang anak na babae ng isang iyon, ng gayong lugar; na asawa ko noon, ngunit ngayon ay isinasantabi kita, itinakwil at hiniwalayan ka; upang ikaw ay nasa iyong sariling kamay, at may kapangyarihan sa iyong sarili, na yumaon, at mag asawa sa sinumang ibang lalaki, na iyong kalulugdan; at walang taong hahadlang sa iyo sa aking pangalan, mula sa araw na ito sumulong at magpakailanman; at ikaw ay malaya na mag asawa sa kanino mang lalaki: at mangyari ito sa iyo mula sa akin, isang panukala ng paghihiwalay, isang kasangkapan ng pagpapatawad, at isang liham ng pagtalikod, alinsunod sa batas ni Moises at ng Israel."

Sa paghihiwalay binibigyan ng asawang lalaki ang kanyang asawang babae na hiniwalayan siya, ang karapatang mag asawa sa sinumang lalaki na gusto niya. Hindi lamang iyon kundi isinulat nila at sinasabi na ito ay kautusan ni Moises at ng Israel. Kaya naman sinaway sila ni Jesus sa kanilang mga mukha nang sabihan Niya, ***"32 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya: at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya." (Mateo 5:32 KJV)*** Sinabi rin ni Jesus na ang lalaking nag asawa ng hiniwalayang babae ay nagkakasala ng pangangalunya, dahil sa panahong iyon sila'y umaasa sa kasulatan ng paghihiwalay at sasabihin nila na ang kanyang asawang lalaki ay hiniwalayan siya at binigyan siya ng pahintulot na mag asawa sa ibang lalaki at siya ay may papel na nagpapatunay niyon. Si Jesus dito ay sinasabi sa kanila na maging ang kanyang asawang lalaki ay binigyan siya ng karapatan na mag asawa sa kung kanino niya naisin, ang gawaing ito ay pangangalunya pa rin sa paningin ng Dios at ni Cristo. Kahit ngayon sinasabi ng mga lalaki o babae sa kanilang kabiyak sa kasal na malaya kang yumaon sa ibang kabiyak na labag sa turo ni Jesus at labag sa kalooban ng Dios dahil tinutulak nila ang kanilang kabiyak na mangalunya. Kaya ngayon kahit ang paghihiwalay ay natapos sa korte. Mayroon kang papel ng korte at lahat ng bagay ay legal ngunit sa harapan ng Dios at ang hukuman ng Dios sa Langit ito ay pangangalunya kung ikaw ay mag asawa sa iba pagkatapos. Kung buhay pa ang kabiyak mo hindi ka maaring yumaon at mag asawa sa iba kung ano man ang dahilan dahil pangangalunya ito.

Ngayon mauunawaan din natin ang sinabi ni Pablo, ***"15 Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali***

***sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Dios." (1 Corinto 7:15 KJV)*** Ibig sabihin kung ikaw ay iniwan ng iyong hindi mananampalatayang kabiyak dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo at pagkatapos mong gawin ang lahat ng iyong makakaya, hayaan mo siyang gawin at ang kanyang kasalanan ng pangangalunya ay hindi mo ito pananagutan, dahil hindi ikaw ang sumulat sa kanya ng sulat ng paghihiwalay, at hindi ikaw ang nagbigay ng pahintulot sa kanya na yumaon at mag asawang muli sa iba. Kailan sinabi ni Jesus, ***"32 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya: at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya." (Mateo 5:32 KJV)*** Iniisip mo ba na binigyan niya ng pahintulot ang lalaki na humiwalay sa kanyang asawa ng karapatan na mag asawa sa ibang babae? Hindi, hindi binigyan ni Jesus ng pahintulot, at batay doon mapagtatanto natin na ang sinumang nag asawa sa taong na gumawa ng pakikipaghiwalay ay nagkakasala ng pangangalunya.

Sa ***Mateo 5:32,*** binigyan lamang sila ni Jesus ng kondisyon na payagan ang paghihiwalay at iyon ay pakikiapid ***"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang sinomang lalake na ihiwalay ang kaniyang asawa, liban na lamang kung sa pakikiapid ang dahil, ay siya ang sa kaniya'y nagbibigay kadahilanan ng pangangalunya: at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya." (Mateo 5:30-32 KJV)*** Bakit Niya ipinahintulot iyon? Tunay na hindi Niya ipinahintulot ang paghihiwalay dahil ayon sa batas ng Dios ang babae o ang lalaki na gumawa ng pangangalunya ay papatayin sa pagbato at sa ganoon ang kanyang kabiyak ay magiging malaya upang mag asawa dahil ang kanyang asawa ay patay na. ***"2 Sapagka't ang babae na may asawa ay itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay; datapuwa't kung ang asawa'y mamatay, ay kalag na sa kautusan ng asawa." (Roma 7:2 KJV)*** Ang kasal ay magtatapos lamang sa kamatayan. Sa pagkamatay ng isang tao ay malaya mula sa tipan ng kasal.

Paano na ngayon na walang kapangyarihan ang simbahan na patayin ang taong nangangalunya, dahil ang simbahan ngayon ay nasa ilalim ng estado ng pamahalaan Kung hindi natin mapapatay ang mga nangangalunya ay hindi rin natin mapapahintulutan ang paghihiwalay at muling pag aasawa, ngunit maaari nating payuhan ang mga sumusunod: Kung ang iyong asawa ay may ibang kapareha kung gayon ay ihiwalay mo lamang ang iyong sarili mula sa kanya upang hindi ka mahawa sa mga demonyo na siya ay nagkakaroon mula sa naturang pangangalunya. Ito ay magpapatuloy hanggang sa siya ay magsisi at iwanan ang kapareha na iyon at lumapit sa iyo.

Ang paksa ng paghihiwalay at pag aasawang muli ay isang mainit na usapin ng talakayan sa pagitan ni Jesus at ng mga Fariseo gaya ng mababasa natin sa apat ng Mga Evangelio. Sa ***Mateo 19*** ipinaliwanag pa ni Jesus ang tungkol sa paksang ito.

***"4 At siya'y sumagot at sinabi, Hindi baga ninyo nabasa, na ang lumalang sa kanila buhat sa pasimula, ay sila'y nilalang niya na lalake at babae, 5 At sinabi, Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman? 6 Kaya nga hindi na sila dalawa, kundi isang laman. Ang pinapagsama nga ng Dios, ay huwag papaghiwalayin ng tao. 7 Sinabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae?" (Mateo 19:4-6 KJV)*** Ipinaliwanag dito ni Jesus na sa pag aasawa na ang lalaki ay makikipagkaisa sa babae, sa kanyang asawa, at ang dalawa ay magiging isang laman. Hindi na sila dalawa kundi isang tao. Kaya ang pinagsama ng Dios ay hindi paghihiwalayin ng tao. Ang Dios lamang ang maghihiwalay sa lalaki mula sa babae sa kamatayan at kapag ito'y nangyari ang buhay na tao ay maaring mag asawang muli. Ipinaliwanag pa ni Jesus sa mga Fariseo na ang kanilang ginagawa, at sa pagpapahintulot nila ng paghihiwalay at pag aasawang muli ay hindi katulad mula sa pasimula, ***"7 Sinabi nila sa kaniya, Bakit nga ipinagutos ni Moises na magbigay ng kasulatan sa paghihiwalay, at ihiwalay ang babae? 8 Sinabi niya sa kanila, Dahil sa katigasan ng inyong puso ay ipinaubaya sa inyo ni Moises na inyong hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa't buhat sa pasimula ay hindi gayon." (Mateo 19:7-8 KJV)*** Nang nilikha ng Dios ang Langit at lupa, at nilikha ang lahat ng bagay at nilikha ang tao, wala sa Kanyang isip na gagawin ng mga tao sa ngayon mula sa paghihiwalay, pag aasawang muli at maramihang pag aasawa. Kaya't dito muli ay iginiit ni Jesus sa mga Fariseo, ***"9 At sinasabi ko sa inyo, Sinomang ihiwalay ang kaniyang asawang babae, liban na kung sa pakikiapid, at magasawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang magasawa sa babaing yaon na hiniwalayan ay nagkakasala ng pangangalunya." (Mateo 19:9 KJV)*** Kung ang iyong kabiyak ay buhay pa hindi ka maaring yumaon at mag asawa ng iba dahil ito'y pangangalunya. Kaya ang mga simbahan na nagpapahintulot ng paghihiwalay at pag aasawang muli at nagpahintulot sa hiniwalayang tao na mag asawa sila'y nagsusulong ng prostitusyon sa loob ng simbahan at iyon ay para sa pakinabang ng diablo.

Sinaway din ni Juan Bautista si Herodes para sa parehong kasalanan at pinagbawalan siya na asawahin si Herodias ang asawa ng kanyang kapatid na si Felipe. ***"1 Nang panahong yao'y narinig ni Herodes na tetrarka ang balita tungkol kay Jesus, 2 At sinabi sa kaniyang mga tagapaglingkod, Ito'y si Juan Bautista; siya'y muling nagbangon sa mga patay; kaya't ang mga kapangyarihang ito ay nagsisigawa sa kaniya. 3 Sapagka't hinuli ni Herodes si Juan, at siya'y iginapos, at inilagay sa bilangguan dahil kay Herodias, na asawa ni Felipe na kaniyang kapatid. 4 Sapagka't sinabi ni Juan sa kaniya, Hindi matuwid sa iyo na aariin mo siya. 5***

***At nang ibig niyang ipapatay siya, ay natakot siya sa karamihan, sapagka't siya'y kanilang ibinibilang na propeta. 6 Datapuwa't nang dumating ang araw na kapanganakan kay Herodes, ay sumayaw sa gitna ang anak na babae ni Herodias, at kinalugdan ni Herodes. 7 Dahil dito'y kaniyang ipinangakong may sumpa na sa kaniya'y ibibigay ang anomang hingin niya. 8 At siya, na inudyukan ng kaniyang ina, ay nagsabi, Ibigay mo sa akin dito na nasa isang pinggan ang ulo ni Juan Bautista. 9 At namanglaw ang hari; datapuwa't dahil sa kaniyang mga sumpa, at sa nangakaupong kasalo niya sa dulang, ay ipinagutos niyang ibigay na sa kaniya; 10 At nagutos siya at pinugutan ng ulo si Juan sa bilangguan." (Mateo 14:1-10 KJV)*** Pinag usig si Juan Bautista at pinatay dahil sa gayong kasalanan ng paghihiwalay at pag aasawang muli dahil siya'y nanindigan din sa parehong Salita ni Jesus, ***"at ang sinomang magasawa sa kaniya kung naihiwalay na siya ay nagkakasala ng pangangalunya." (Mateo 5:32 KJV)*** Si Herodes ay hindi mananampalataya at sinaway siya ni Juan para sa pag aasawa sa asawa ng kanyang kanyang kapatid na buhay pa.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang utos ng Dios kay Moises sa ***Levitico 21*** tungkol sa pag aasawa ng seserdote ay yaon siya ay hindi dapat mag asawa ng hiniwalayang babae, ***"7 Huwag silang makikisama sa patutot o lapastangan, ni makikisama sa babaing inihiwalay ng kaniyang asawa: sapagka't ang saserdote ay banal sa kaniyang Dios. 14 Sa bao o inihiwalay, sa lamas o patutot ay huwag siyang magaasawa; kundi sa isang dalagang malinis sa kaniyang sariling bayan magaasawa siya." (Levetico 21:7, 14 KJV)*** Gayundin ang Dios sa Ezekiel ay nagbabawal sa seserdote na mag asawa sa isang babaeng hiniwalayan, ***"<u>Ni mangagaasawa man sa babaing bao, o sa inihiwalay man:</u> kundi sila'y magaasawa ng mga dalaga sa lahi ng sangbahayan ni Israel, o ng babaing bao na nabao sa saserdote." (Ezekiel 44:22 KJV)*** Sa Bagong Tipan, lahat tayo ay maharlikang seserdote sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, ***"Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (1 Pedro 2:9 KJV)*** at hindi tayo dapat makipaghiwalay o mag asawa sa mga hiniwalayan sapagkat ang kanilang dati nilang asawa ay buhay pa.Ngunit kung nangyari na ang paghihiwalay kung gayon walang daan na pahintulutan natin ang pangalawang pag aasawa kung ang kabiyak ay buhay pa.

Ang pagiging isang maharlikang pagkasaserdote para kay Cristo, kailangan nating magsisi sa lahat ng uri ng kasalanan na nagtataguyod ng imoralidad, pakikiapid at pangangalunya nalalaman natin na mayroon tayong mga anak na kailangan nating palakihin sila sa pagkatakot sa Panginoon malayo sa gayong mga kasalanan upang ang diablo at mga demonyo ay hindi magkaroon ng pagkakataon na pumasok sa katawan ni Cristo.

Tayo ay lumapit sa Panginoon na may panibagong isip, at sa pagsisisi upang talikuran ang lahat ng makasalanang mga gawain na ipinayo sa atin ni Jesus sa Kanyang Salita na huwag gawin, at ipangako natin ang ating sarili na manatili sa turo na ibinigay Niya sa atin upang panatilihin ang kabanalan at panatilihin ang mga pamilyang maka Dios at palakihin ang mga makaDios na anak na handa para sa mga makaDios na pag aasawa at handang bumuo ng mga pamilyang maka Dios. Manalangin tayo.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Ako'y nagpapasalamat Panginoon para sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang katotohanan tungkol sa kasalanan ng paghihiwalay at pag aasawang muli at itinuturing itong pangangalunya.*

*Ipagtapat at talikuran ang kasalanan ng imoralidad sa anyo ng paghihiwalay at talikuran ang maling turo na nagpahintulot ng paghihiwalay at pag aasawang muli sa mga sangkap ng katawan ni Cristo. Panginoon ipinahayag at tinalikdan ko ang gawain ng paghihiwalay at pag aasawang muli. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang iba laban sa gayong maling turo.*

*Panginoon salamat para sa aking kapatid na lalaki at babae na nagsisi at ginawa ang kanilang buhay laban sa maling turo ng paghihiwalay at muling pag aasawa. Panginoon protektahan sila at gabayan at ibigay ang lahat ng kanilang mga pangangailangan at pangunahan sila upang maabot ang ibang tao at turuan sila ng iyong mga daan at mamuhay ayon sa iyong kalooban. Panginoon dalangin ko para sa proteksyon ng kanilang pamilya at lahat ng pamilya ng mga inaabot namin.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan upang patuloy na ituro at ipangaral ang iyong Salita at labanan ang maling turo ng paghihiwalay at muling pag aasawa. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at paging dapatin kami na abutin ang bagong mga tao at bagong lugar ng Evangelio ni Cristo. Panginoon paging dapatin kami na gumawa ng bagong mga alagad at magsanay pa ng mga manggagawa upang paglingkuran ka. Panginoon manguna ka sa amin at gamitin kami na magtanim pa ng pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin madama*

*ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 79. Mateo 5:30-32. 1 Corinto 6:15-20. 1 Corinto 7:15. Roma 7:2. Mateo 19:3-9. Mateo 14:1-10. Levitico 21:7, 14. Ezekiel 44:22. 1 Pedro 2:9.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com